# Tinanong ko ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa tingin ng pagkabigla at nagsabi siya: Ibaling mo ang paningin mo.

Ayon kay Jarīr, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Tinanong ko ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa tingin ng pagkabigla at nagsabi siya: Ibaling mo ang paningin mo."
[Tumpak.] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim.]

Ipinababatid ni Jarīr bin `Abdillāh, malugod si Allāh sa kanya, na siya ay nagtanong sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa tingin ng pagkabigla. Ang tingin ng pagkabigla ay ang bumibigla sa tao tulad ng kapag naparaan sa kanya ang isang babae at napatingin siya rito nang hindi sinasadya. Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Ibaling mo ang paningin mo." Nangangahulugan itong: Ituon mo ito sa kanan o kaliwa upang hindi ka masundan ng kasalanan dahil sa pagkakapanatili ng tingin. Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn ni Ibnu `Uthaymīn 6/363.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee